

# Edukasyon para sa lahat ng ating mga anak: Pagtanggap sa magkakaibang kultura

## BUOD

---

Ang Aotearoa New Zealand ay nagiging mas magkakaiba sa etnisidad, at napakabilis ng pagbabagong ito. Pinakamabilis na nangyayari ito sa mga lungsod, ngunit ang pagkakaiba-iba ay nangyayari sa buong bansa. Sa hinaharap, karamihan ng ating mga mag-aaral ay magmumula sa mga etnikong komunidad at magsasalita ng iba't ibang wika. Pagdating ng 2043, inaasahan na mahigit isa sa apat na mag-aaral sa Aotearoa New Zealand ay magmumula sa isang etnikong komunidad. Sa Auckland, inaasahan na mahigit dalawa sa limang mag-aaral ay Asyano.

Mahalagang matugunan ng edukasyon ang mga pangangailangan ng lahat ng ating mga anak, kabilang ang mga mag-aaral na mula sa mga etnikong komunidad. Natuklasan ng ulat na ito na maraming mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ang nagtatagumpay sa edukasyon ngunit kumakaharap sa kalat na kalat na rasismo, pagkakabukod, at kawalan ng pag-unawa sa kultura.

Dapat nating makamit ang mahalagang pagbabago kung ang Aotearoa New Zealand ay magiging isang napakagaling na lugar sa pagkatuto para sa mga bata at kabataan mula sa mga etnikong komunidad.

---

### **Ito ay isang draft para sa konsultasyon – humihiling kami ng iyong komento**

Maaari kang gumawa ng isang pagsusumite sa pamamagitan ng sumusunod na link:

- <https://www.surveymonkey.com/r/DraftLTIBSubmission>
- May mga tanong na makukuha sa sumusunod na mga wika: Ingles, Arabic, Chinese (Simplified), Hindi, Hapones, Khmer, Korean, Espanol, Tagalog, Vietnamese
- Hindi mo kailangang sagutin ang lahat ng mga tanong.

Ang petsa ng pagsasara para sa mga pagsusumite ay sa Martes, ika-20 ng Disyembre 2022.


## Ano ang etnikong pagkakaiba-iba?

Maraming mga uri ng pagkakaiba-iba kabilang, bukod pa sa iba, ang pagkakaiba-ibang etniko, kultura, wika, identidad, at relihiyon. Para sa proyektong ito, nakatuon kami sa etnikong pagkakaiba-iba at kaugnay na pagkakaiba-iba sa wika, kultura at relihiyon. Ang etnisidad ay inilalarawan bilang mga grupong etniko na tinutukoy o dama ng mga tao na kinabibilangan nila. Ang mga etnikong komunidad na kasali sa ulat na ito ay ang African, Asian, Latin-American at Middle-Eastern.<sup>1</sup>

## Ano ang hitsura ng etnikong pagkakaiba-iba sa mga paaralan sa Aotearoa New Zealand, at paano ito malamang na magbago?

**Ang Aotearoa New Zealand ay nagiging mas magkakaiba sa etnisidad, at napakabilis ng pagbabagong ito.** Pinakamabilis na nangyayari ito sa mga lungsod, ngunit ang pagkakaiba-iba ay nangyayari sa buong bansa. Ang mga mag-aaral ay magmumula sa malawak na hanay ng mga etnikong komunidad. Pagdating ng 2043, inaasahang mahigit isa sa apat (26 na porsyento) na mga mag-aaral ay tutukoy sa sarili bilang Asian at mga isa sa 20 (3.6 na porsyento) ang tutukoy sa sarili bilang Middle Eastern, Latin American o African (MELAA). Sa Auckland, mahigit dalawa sa limang (43 porsyento) mga mag-aaral ang tutukoy sa sarili bilang Asian.

### *Proporsyon ng mga bata sa Aotearoa New Zealand na tumutukoy sa sarili bilang MELAA o Asian*



Pinagkunan: Stats NZ. 2018 Census ng Populasyon at mga Tirahan

<sup>1</sup> Inilalarawan ng Ministri para sa mga Etnikong Komunidad ang mga etnikong komunidad bilang mga tao na tumutukoy sa kanilang sarili bilang African, Asian, Latin-American, Middle-Eastern o Continental European. Dahil sa mga sagot sa aming mga survey, at sa makukuhang mga datos, hindi namin isinasali sa ulat na ito ang mga karanasan ng mga mag-aaral na Continental European.

## Proporsyon ng mga bata na tumutukoy sa sarili bilang Asian pagdating ng 2043 para sa Auckland at Southland




Pinagkunan: Stats NZ. Subnational Population Projections 2018-base (2022)

## Ano ang mga karanasan sa edukasyon ng mga mag-aaral at ng kanilang whānau mula sa mga magkakaibang etnikong komunidad?

**Maraming mga mag-aaral, ngunit hindi lahat, na mula sa mga etnikong komunidad ang nagkakamit ng mahusay sa edukasyon.** Sa pagtingin sa mga resulta ng NCEA Level 2, lahat ng mga mag-aaral na Filipino, Indian, Japanese, Vietnamese, at Korean ay nagkakamit ng mahigit sa pambansang average. Gayunpaman, may mga mahalagang pagkakaiba sa lahat ng mga etnikong komunidad, at may mga mag-aaral sa loob ng lahat ng mga etnikong komunidad na hindi nagkakamit ng mahusay.

### Ang nakamit sa NCEA Level 2 ng mga etnikong Asian (pinili): 2021



**Ito ay isang draft para sa konsultasyon – humihiling kami ng iyong komento**

---


**Kadalasan, ang mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ay nakadarama na hindi sila kabilang.** Halos isa sa limang mag-aaral ang nagsabi na madalas nilang nadarama na hindi sila kabilang at ang sangkatlo ay nakadarama ng kalungkutan sa paaralan. Halos isa sa lima ay nakadama rin na kailangan nilang itago ang kanilang etnikong identidad sa paaralan o nakadama na hindi sila isinali sa mga aktibidad dahil sa kanilang etnikong identidad.

*"Tila ang tanging oras na maaari kang makipag-interaksyon sa sarili mong kultura ay sa linggo ng kultura."*

*Mag-aaral sa paaralang sekundarya*

**Nakakaranas ng kalat na kalat na pambu-bully dahil sa lahi ang mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad, na kadalasan ay hindi tinatrato nang seryoso ng kanilang paaralan.** Isa sa limang mag-aaral ang nakaranas ng pambu-bully dahil sa lahi sa nakaraang buwan, at mahigit sa kalahati ang nakakita ng pambu-bully sa iba dahil sa kanilang etnisidad. Nagsabi ang whānau at mga mag-aaral na ang pambu-bully dahil sa lahi ay kailangang matukoy at matalakay nang mas mahusay sa paaralan.

### **Mga karanasan ng mga mag-aaral ng pambu-bully at mga mensaheng laban sa lahi**



*"Tila kakaiba pa rin ang pakiramdam ko sa pagbabaon ng pagkaing Indian sa paaralan dahil kailangan mong kainin ito gamit ang iyong mga kamay. Isa sa mga kaibigan ko—Indian din siya, ay na-bully nang matindi dahil sa kanyang pagkain (mabaho) na siya ay naging mapag-isa. At sinubukan niyang magbaon ng mga sandwich sa paaralan kahit na hindi niya gusto ang [lasa], pero huli na."*

*Mag-aaral sa Year 11*

**May kinakaharap na mga panghadlang ang whānau mula sa mga etnikong komunidad sa pakikipag-ugnayan sa mga paaralan.** Dumadalo sila sa mga sesyon ng impormasyon

**Ito ay isang draft para sa konsultasyon – humihiling kami ng iyong komento**

para sa magulang nang higit pa sa anumang aktibidad ngunit ang impormasyon tungkol sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay hindi sapat o nakakalito. Sila ay hindi sapat na kinakatawan sa mga Lupon ng Paaralan.

**Maraming mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ang nagpapatuloy sa pag-aaral sa unibersidad, ngunit ang mga landasin ay nakakalito at para sa ilan, ang mga mapagpipilian ay di-makatarungang hinigpitan dahil sa mga pagkiling (bias) ng mga guro.** Mahigit isa sa apat na mga mag-aaral sa sekundarya ang nag-ulat na ang mga rekomendasyon ng mga guro para sa pagpili nila ng kurso ay naimpluwensyahan ng etnisidad, at kalahati lamang ng mga mag-aaral sa sekundarya ang lubos na nasiyahan sa napili nilang mga asignatura. Ang mga mag-aaral at whānau ay natagpuang nakakalito ang NCEA.

*"Hindi ko pa rin alam ang gusto kong gawin pagkatapos ko rito, at sa palagay ko ay mas lalo pang nagiging mas apurahan sa paglipas ng bawat araw dahil sa pagtaas ng baitang ko sa pag-aaral, nagiging mas kakaunti ang mga opsyon at kailangan kong magdesisyon sa isang takdang landasin - nagkaroon ako ng pangunang pag-uusap tungkol sa mga landasin sa Year 9, pero wala nang iba pa pagkatapos noon."*

Mag-aaral sa Year 11

## **Paano natutugunan ng mga paaralan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na mula sa magkakaibang mga etnikong komunidad at ang kanilang whānau?**

**Ang pag-unawa ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral, kabilang ang kanilang kultura, ay mahalaga sa mga karanasan sa paaralan ng mga mag-aaral, ngunit kailangan itong patatagin.** Nag-aalala ang whānau at mga mag-aaral tungkol sa kakulangan ng mga guro ng kaalaman at kamalayan sa kultura. Nag-ulat ang mga guro ng pagkakaroon ng limitadong kamalayan sa mga pangangailangan sa kultura at pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahigit sa kalahati ng mga guro ang walang tiwalang makipag-ugnayan sa mga etnikong komunidad. Kalahati ng mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ang nag-ulat na ang kanilang mga pangalan ay binigkas nang mali ng kanilang guro.

## **Ano ang mga implikasyon para sa edukasyon?**

Natukoy namin ang apat na malalaking implikasyon kapag pinag-iisipan ang kinabukasan ng edukasyon sa Aotearoa New Zealand.

- 1. Kailangang tumugon ang bawat paaralan sa nadadagdagang pagkakaiba-iba.** Ang etnikong pagkakaiba-iba ay nadadagdagan sa buong bansa – hindi lang sa Auckland – at ang pinakamalaking mga pagbabago ay sa populasyon ng mga nasa edad na para sa paaralan. Ang pagdagdag na ito sa etnikong pagkakaiba-iba ay sumasalamin sa mga dagdag sa pagkakaiba-iba ng mga pinahahalagahang pangkultura, at ang pagkakaiba-iba ng ginagamit na mga wika. Kailangang tumugon ang bawat paaralan sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad.
- 2. Kailangang harapin ng bawat paaralan ang rasismo.** Mayroong higit pang rasismo sa Aotearoa New Zealand kaysa sa ipinapalagay natin. Napakaraming mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ang dumaranas ng pambu-bully dahil sa lahi at mga pagkiling sa lahi. Dapat pa natin itong pagbutihin.
- 3. Kailangan nating maging mas mahusay sa paghahatid ng edukasyon para sa mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad.** Kailangan nating higit na

**Ito ay isang draft para sa konsultasyon – humihiling kami ng iyong komento**

---

maunawaan kung anong kalidad ng mga karanasan sa pagkatuto at kalalabasan ang nais ng magkakaibang mga etnikong komunidad. Maaaring kabilangan ito ng mga uri at lokasyon ng mga paaralan at mga itinuturong asignatura. Dapat nating palakihin ang pangkulturang kakayahan ng kasalukuyang lakas-manggagawa sa pagtuturo, at paunlarin ang mas magkakaibang kulturang lakas-manggagawa sa pagtuturo para sa hinaharap.

4. **Kailangan natin ng edukasyong mabuti para sa mga mag-aaral at sa kanilang whānau mula sa mga etnikong komunidad upang ang Aotearoa New Zealand ay makinabang sa nadadagdagang etnikong pagkakaiba-iba.** Ang mga mag-aaral at ang kanilang whānau mula sa mga etnikong komunidad ay may mga mataas na mithiin para sa kanilang pag-aaral at mga landasin sa hinaharap, at pinahahalagahan ang pagpapanatili ng kanilang mga wika. Ang pagsuporta sa mga mithiing ito at paggawang kaakit-akit na lugar ang Aotearoa New Zealand upang manirahan ang mga tao mula sa lahat ng etnisidad at kultura ay tutulong sa atin na patatagin ang ating sistema ng edukasyon, lakas-manggagawa, kultura, at relasyon sa ibang mga bansa.

## Ano ang mga implikasyon para sa hinaharap?

Maraming mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ang nagtatagumpay sa edukasyon ngunit kailangan nilang malabanan ang kalat na kalat na rasismo, pagkakabukod at kawalan ng pag-unawang pangkultura. Kailangan nating magbago. Kailangan natin ng aksyon sa limang bahagi upang matiyak na ang mahusay na pagkapuwesto sa hinaharap ng Aotearoa New Zealand.

1. **Patatagin ang pag-unawa ng magkakaibang mga populasyong etniko at ang nais nila mula sa edukasyon.** Ang mga etnikong komunidad ay may iba't ibang pananaw, pinahahalagahan, at prayoridad para sa edukasyon. Kailangan nating patatagin ang ating pag-unawa sa mga ito sa loob ng konteksto ng edukasyon.
2. **Paunlarin ang ating pag-iisip kung paano natin matutugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad sa Aotearoa New Zealand.** Sa sadyang pagsisiyasat kung paano natin uunawain ang magkakaibang mga relihiyon at pinahahalagahang pangkultura, at ang pagsasalikupan ng etnisidad, wika, kultura at identidad sa sistema ng edukasyon ng Aotearoa New Zealand, mas epektibo nating mapaplano ang hinaharap.
3. **Pagkilala ng rasismo, pag-unawa ng mga epekto at mas epektibong pagharap nito.** Sa ilang mga paaralan, patuloy na hinahayaan ng mga guro, mag-aaral at ng iba pa ang kamangmangan, di-sinasadyang pagkiling at stereotyping upang maapektuhan ang paraan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad at sa kanilang whānau. Umaapekto ito sa karanasan ng mga mag-aaral sa pambu-bully, mga inaasahan sa kanila, at mga opsyon para sa kanilang pag-aaral sa hinaharap. Sama-sama, kailangan nating wakasan ang rasismo.
4. **Aktibong bumuo ng lakas-manggagawa sa pagtuturo na mas mahusay na tutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa magkakaibang etnikong komunidad at ng kanilang whānau.** Upang matiyak na ang mga mag-aaral mula sa mga etnikong komunidad ay may mga guro na nakakaunawa sa kanila at tumutugon sa kanilang mga pangangailangan sa pag-aaral, kailangan nating baguhin ang lakas-manggagawa sa pagtuturo.
5. **Gamitin ang mga pagkakataong ibinibigay ng nadadagdagang etnikong pagkakaiba-iba sa Aotearoa New Zealand.** Ang nadadagdagang etnikong pagkakaiba-iba ay nagdudulot ng malawak na hanay ng mga oportunidad na

magpapatatag hindi lamang sa sistema ng edukasyon ng Aotearoa New Zealand kundi pati na rin sa ating kultura at ekonomiya. Kailangan nating isakatuparan ang mga oportunidad na ito.

Ang mga ito ay hindi mabilisang aksyon; kailangan ng mga ito ng patuloy na pagsisikap sa darating na mga dekada. Ngunit ang halaga ng hindi pagkilos ay magiging napakalaki hindi lamang para sa isa sa apat na Asian at isa sa 20 MELAA na kabataan mula sa mga etnikong komunidad bago dumating ang 2043, kundi para rin sa social cohesion, ekonomiya at kinabukasan ng New Zealand.

### **Kung nais mo ng karagdagang detalye tungkol sa proyektong ito, makukuha ang aming ulat sa aming website:**

[Edukasyon para sa lahat ng ating mga anak: Pagtanggap sa magkakaibang mga kultura. Draft ng briefing sa Pangmatagalang mga pagkaunawa para sa konsultasyon.](#)

## **Ang ginawa ng ERO**

Upang maunawaan kung gaano kahasay ang edukasyon para sa mga mag-aaral mula sa magkakaibang mga etnikong komunidad, nangalap kami ng impormasyon sa iba't ibang paraan:

- mga survey ng whānau (1,250 mga tugon), makukuha sa 10 wika
- mga survey ng mga mag-aaral (558)
- mga survey ng mga guro (263)
- pagbisita sa walong paaralan
- pitong pangkomunidad na hui/mga focus group
- mga pakikipanayan sa 11 lider ng komunidad o mga nagsumite
- online na mga focus group sa mga pinuno ng paaralan mula sa walong paaralan.

Nagpapasalamat kami sa ginawa ng lahat ng mga sumuporta sa pananaliksik na ito, lalo na sa mga mag-aaral, magulang at whānau mula sa magkakaibang mga etnikong komunidad; lider ng komunidad; at mga guro at lider mula sa paaralan na nakibahagi sa amin. Ang kanilang mga karanasan at pagkaunawa ay nasa sentro ng aming natutunan. Maaari mong makita ang buong draft na ulat para sa konsultasyon sa website ng ERO [www.ero.govt.nz](http://www.ero.govt.nz)

1. Gaano kahasay sinalamin ng mga natuklasang ito ang iyong mga karanasan?
2. Ano ang pinaka-nakakagulat at bakit?
3. Ano ang nakaligtaan namin?
4. Anong mga pagbabago ang dapat gawin ng mga paaralan?